9

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino 9

## Activity Sheet
## Quarter 2- MELC 7

# Pagsusuri sa Tono ng Pagbigkas ng Tulang Tanka at Haiku




Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9**
**Learning Activity Sheet 7**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 6- Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **ng Batas Pambansa Bilang 8293**, **Seksiyon 176 na** “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Eduklasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas.

**Mga Bumuo ng Filipino 9 Learning Activity Sheet**

**Manunulat:** Riza G. Togle

**Tagasuri:** Perly M. Mapa, Diana P. Agupasa, Alma J. Villar, Rosie C. Cabus, Cynthia C. Cañete, Angela Mae D. Lim, Marie Antoniette M. Villar

**Tagaguhit:** Jerome Jordan Z. Ponsica

**Tagalapat:** Eldiardo E. de la Peña, Antonio O. Rebutada

**Division of Escalante City Management Team:**

Clarissa G. Zamora, CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**

Ma. Gemma M. Ledesma, CESO V
Josilyn S. Solana, PhD
Elena P. Gonzaga, PhD
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheets** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Bacolod sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas at sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Management Division. Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheet** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Filipino 9 Learning Acitivity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit wala ka ngayon sa iyong paaralan, pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto nga bawat gawain.

**Kwarter 2 – Linggo 2**

**Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 7**

Pangalan:__________________________________________________
Antas at Seksyon: ______________________________Petsa:___________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

**(Pagbibigay Puna sa Kabisaan ng Paggamit ng Hayop bilang mga Tauhan)**

**I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda**

*Nabibigyang Puna ang kabisaan ng paggamit ng hayop bilang mga tauhan na parang taong nagsasalita at kumikilos. (F9PB-IIc-49)*

**II. Panimula**

Ang Pabula ay isa sa mga sinaunang panitikan sa daigdig noong ika-5 at ika-6 na siglo bago si Kristo, may itinuturing nang pabula ang mga tag-India. Ang karaniwang paksa ng mga pabula ay tungkol sa buhay ng itinuturing na dakilang tao ng mga sinaunang Hindu, si Kasyapa.

Lalong napatanyag ang mga ganitong kuwento sa Gresya. Si Aesop ang tinaguriang “Ama ng mga Sinaunang Pabula” dahil sa napabantog niyang aklat ang “Aesop’s Fable.”

Ang pabula ay isang maikling kwentong kathang-isip lamang. Karaniwang isinasalaysay sa mga kabataan para alliwin gayundin ang magbigay ng pangaral. Ang mga tauhan ng kuwento ay pawing mga hayop. Mga hayop na kumakatawan o sumasagisag sa mga katangian o pag-uugali ng tao. Ang ahas halimbawa ay karaniwan nang nangangahulugan ng isang taong taksil. Ang pagong, makupad. Ang kalabaw, matiyaga. Ang palaka, mayabang. Ang unggoy o matsing, isang tuso, ang aso, matapat. Marami pang mga hayop ang may ibang pagpapakahulugan. Sa mga bagay naman, ang rosas ay kumakatawan sa babae at pag-ibig. Ang bubuyog sa isang mapaglarong manliligaw.

Basahin mo ang pabulang pinamagatang “Ang Batang Leon.” Suriin kung ano ang pagkakaiba ng pabula sa ibang mga maikling kwentong iyo nan nabasa.

**<u>Ang Batang Leon</u>**

Si Haring Leon ang pinuno ng mga hayop sa gubat. Ang kanyang mga nasasakupan ay gumagalang at tumitingala sa kanya. Palagi niyang pinapaalalahanan ang mga kapwa hayop na huwag umalis sa kagubatan dahil delikado. Maraming mga masasamang tao ang maaaring makakita sa kanila at tiyak na sila ay huhulihin o papatayin. Kaya mahigpit niyang ipinagbabawal ang paglisan sa masukal na kagubatan. Pero mayroong batang leon na gusting sumulyap sa mundo ng mga tao. Siya ay si Juno.

**Juno**: Bakit kailangan tayong pagbawalan ng haring tigre na pumunta sa kapatagan, ama?
**Ama**: anak, delikado ang pagpanaog sa kapatagan. Making ka sa aki. Kailanman ay hindi mo dapat lisanin ang ating tahanan dahil ditto lamang tayo ligtas at Malaya.

**Juno**: Paano tayo nagging Malaya ama na hind inga tayo makaalis dito? Narinig ko mula sa aking kaibigan na napakaganda ng mga ilaw sa syudad. Kumukuti-kutitap at mas maliwanag pa sa mga bituin na makikita natin dito.
**Ama**: ah, basta. Hindi ka maaaring lumisan sa kabundukan. Mangako kang susundin mo ang aking sinabi.
**Juno** : (mahinang pagsagot) Pangako,ama.

Ngunit mayroong katigasan ang ulo ni Juno at saad niya sa sarili na saglit lamang siyang at babalik kaagad. Siya ay pumanaog mula sa kabundukan. Hindi pa man niya nararating ang kapatagan ay Nakita na niya ang mga mangangaso at tinadtad nila ito pana at sibat. Nagulat at natakot ang batang leon. Mabilis na umigpas at tumakbo ang batang leon at itinago ang sarili sa ilalim ng maliit na kweba. Hindi siya nasundan ng mga mangangaso at dahil sa pagkadismaya ng mga ito ay sinunog nila ang kagubatan. Umiyak nang umiyak si Juno at ginawa ang makakaya upang makahingi ng tulong. Lumabas siya sa kinaroroonan nang bigla siyang magulat na ang malaking puno ay matutumba na sa kanyang kinaroroonan. Wala siyang nagawa. Napalilibutan siya ng apoy. Ipinikit na lamang niya ang mga mata nang biglang may humablot sa kanya. Laking gulat niya ng makita ang kanyang ama ay niyakap niya ito ng mahigpit at humagulhol. Labis siyang nahihiya sa kanyang ama dahil sa kanyang ginawa. Tama ito na delikado ang paglisan sa kanilang tahanan. Kaya simula noon ay natutong makinig ang batang leon.

Mapapansin natin na sa mga tauhang hayop ng mga pabula masasalamin ang mga katangiang taglay ng tao katulad ng pagiging tamad, suwail, masama,mapang-abuso, makasarili, madaya at iba pa. Gayunpaman, itinuturo rin ng pabula ang pagiging ang tama, kabutihan, katarungan at makataong pag-uugali at pakikitungo sa ating kapwa.

Itinuturo ng pabula ang tama, patas, makatarungan, at makataong ugali at pakikitungo sa ating kapwa. Ang mga pabula ay lumalaganap dahil sa magagandang aral sa buhay na ibinibigay nito.

Taliwas sa sinasabi at iniisip ng karamihan, ang pagbabasa at pagsusulat ng pabula ay hindi maituturing na pambata lamang sa kadahilanang nangangailangan ito ng lubos na pag-unawa sa iba't ibang katangiang ipinakita ng mga tauhang hayop at maihambing ito sa mga pag-uugali ng mga tao. Makabuluhan rin na ating masiyasat nang mabuti ang mga gintong aral at mahahalagang kaisipan na taglay ng pabula.

**III. Mga Sanggunian**


- Peralta, Romulo N. et al (2014) Panitikang Ayano, Modyul ng mag-aaral sa Filipino 9, Unang Edisyon, Vibal Group, Inc.

  **Sariling Katha**

- Togle,Riza G. (2020). “Ang Batang Leon” Hindi nailathalang Pabula


**IV. Mga Gawain**

**Pangkalahatang Panuto:** Basahin at gawin ang mga Gawain sa ibaba. Gawin ang lahat ng sagot sa iyong sagutang papel.

1. **Pagsasanay/ Aktibidad**

   **GAWAIN 1: PALAWAKIN ANG ISIPAN**

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pahayag. Piliin ang pinakaangkop na kasagutan sa bawat katanungan.

1. **Sa iyong palagay, epektibo bang gamitin ang mga hayop bilang mga tauhan na nagsasalita at kumikilos bilang mga tao upang makapagbigay ng aral sa mga mambabasa?**
   **a.** Oo, mabisa at epektibo ito dahil maikli lang itong basahin.
   **b.** Oo, mabisa at epektibo ito dahil naipapakita ang iba’t ibang pag-uugali ng mga tao.
   **c.** Hindi na ito mabisa dahil hindi kapani-paniwala ang mga pangyayari sa kwento.
   **d.** Hindi na ito mabisa dahil wala nang may gusting magbasa ng pabula sa kasalukuyang panahon.
2. **Pagkatapos mong mabasa ang akda, sa iyong palagay ay maaakit pa kaya ang mga mambabasang kasing-edad mo sa pagbabasa ng mga ito?**
   a. Oo, sa palagay ko ay maaakit sila sapagkat nakaaliw ang mga hayop na mga tauhan at may mapupulot kang aral.
   b. Oo, sa palagay ko ay maaakit sila dahil napakaamo ng mga hayop
   c. Hindi , sa palagay ko ay wala nang nagkakainteres sa pagbabasa ng mga pabula sa panahon ngayon.
   d. Hindi , sa palagay ko ay wala na silang oras sa pagbabasa pa ng mga pabula.
3. **Sa paanong paraan mo makukumbinse ang mga kabataang tulad mo na magkainteres sa pagbabasa ng mga pabula?**
   a. Pilitin sila na magbasa dahil mabilis lang naman itong matapos.
   b. Kukwentuhan ko sila sa pinakamalikhaing paraan ng mga pabulang aking nabasa.
   c. Ilalahad ko sa kanila na nakatutuwa ang magbasa ng mga pabula dahil mga hayop ang mga tauhan nito at mayroong kapupulutan ng aral.
   d. Ipakikilala ko si Aesop sa kanila na Ama ng Pabula.

4. **Sino ang ama ng Sinaunang Pabula?**
   a. Usher    b. Achilles    c. Aesop    d.Jose Rizal
5. **Bakit mabisang gamitin ang mga hayop sa pagbibigay ng aral sa mga mambabasa?**
   a. Ang mga hayop ay mayroong pagkakahalintulad sa mga tao at ang kanilang mga katangian ay kumakatawan sa mga ugali ng tao.
   b. Ang mga hayop ay mga taksil at masasama katulad ng sa tao.
   c. Ang mga hayop ay may taglay na karisma na mayroong pagkahahalintulad sa karisma ng mga tao.
   d. Ang mga hayop ay may kanya-kanyang utak na makapag-isip at makapagbigay makakilos katulad ng sa tao.

**GAWAIN 2: MABISA BA O HINDI?**

Ikaw ay mayroon ng kaalaman sa kasaysayan makulay at mahabang kasaysayan ng pabula. Iyong napagtanto na ang mga hayop na nagsasalita at kumikilos na animo'y mga tao ang gumaganap na mga karakter sa pabula. Sa iyong palagay , mabisa ba o hindi ang paggamit ng mga hayop bilang mga tauhan sa pabula?
Magpahayag ng tatlong dahilan sa napili mong sagot sa mga patlang sa ibaba.

☐ Mabisa ang paggamit ng mga tauhang hayop sa pabula dahil….

☐ Hindi mabisa ang ang paggamit ng mga hayop dahil….

❖ ______________________________________________

❖ ______________________________________________

❖ ______________________________________________

**Tandaan:** Masayang magbasa dahil nakatutulong ito sa bawat isa. Ito ay nagbibigay aliw at maraming kaalaman sa mga mambabasa. Ang mga maikling kwento katulad ng Pabula na gumagamit ng hayop bilang mga tauhan ay isang paraan ng pagpukaw ng ating interes. Ang pabula ay patuloy na lumalaganap dahil sa magagandang aral sa buhay na ibinibigay nito. Maligayang Pagbabasa!

**Batayan sa pagbibigay ng iskor sa Rubrik (kung kailangan)**

| | |
|---|---|
| A. Organisayon ng ideya | 5 puntos |
| B. Kaangkupan ng mga pahayag | 5 puntos |
| C. Orihinalidad ng mga kaisipan | 5 puntos |
| **KABUUAN** | **15 Puntos** |

**V. Repleksiyon**

Kung ikaw ay isang manunulat ng isang pabulang Tagalog, anong hayop ang iyong pipiliin bilang karakter ng kuwento at ano ang magiging paksa nito? Bakit ito ang iyong napili?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
__________________

**VI. Susi sa Pagwawasto**

**GAWAIN 1: PALAWAKIN ANG ISIPAN**

1. B
2. A
3. B/C
4. B
5. A

**GAWAIN 2: MABISA BA O HINDI?**

Ang mga kasagutan ay nakadepende sa pananaw ng mga mag-aaral.